

## IPA-IRAL ANG MAKATARUNGANG PABAHAY

"Pantay-pantay na pagkakataong magkaroon ng tirahan"



PROGRAMA PARA SA MAKATARUNGANG PABAHAY

Ano pa kami ginagawa sa affirmatively karagdagang Fair Pabahay?

Ang Lungsod ng San Diego ay nagsisikap na madagdagan ang mga oportunidad ng kanyang mamamayan. Ang Programa para sa Makatarungang Pabahay (Fair Housing Program) ay nagbibigay ng libreng serbisyo sa komunidad para itaguyod ang oportunidad sa lahat ng mamamayan, sa pamamagitan ng edukasyon at pagpapayo, na magkaroon ng sariling tirahan.

- Pagpapayo tungkol sa makatarungang pabahay (fair housing)
- Pag-susuri ng mga nakagawiang pamamaraan sa pagbili ng bahay at lupa, pagpapautang, pagpapaseguro (insurance), akomodasyon sa may mga kapansanan at pagpapaupa
- Mga pagsasanay o seminar ukol sa makatarungang pabahay (fair housing) para sa mga umu-upa at nagpapaupa
- Mga pagsasanay o seminar ukol sa makatarungang pabahay (fair housing) para sa mga bibili ng tirahan
- Pagbibigay ng impormasyong pang-edukasyon para sa mga samahang pabahay na nakatalaga bilang "non-profit" (non-profit organizations)
- Pagbibigay ng mga manwal (handbooks) tungkol sa pagpapaupa na nakasulat sa iba't ibang wika o lengwahe
- Paglahok sa mga kaganapan sa komunidad ng Lungsod ng San Diego



THE CITY OF SAN DIEGO



SAN DIEGO COUNTY

Para isumbong ang anumang paglabag sa makatarungang pabahay:

**1.800.462.0503**

[www.sandiego.gov/cdbg/fairhousing](http://www.sandiego.gov/cdbg/fairhousing)

Itong mga impormasyon ay maaaring makita sa ibang porma. Kung interesado sa ibang porma, makiugnay sa Housing Opportunities Collaborative.



Ang kabuuhan o bahagi ng pondo ng proyektong eto ay nanggagaling sa Community Development Block Grant (CBDG). Ang pondo ng programa ng CBDG ay nanggagaling sa U.S. Department of Housing and Urban Development (HUD) sa pamamagitan ng Lungsod ng San Diego.

**Housing Opportunities Collaborative**  
1100 Broadway  
San Diego, CA 92101

**FAIR PABAHAY HOTLINE**  
**1.800.462.0503**

# PROTEKTADO KA NG BATAS LABAN SA ILEGAL NA DISKRIMINASYONG PABAHAY

**FAIR PABAHAY HOTLINE**  
**1.800.462.0503**

Karapatan ng lahat ng mamamayan ang pantay-pantay na pagkakataon o oportunidad na makakuha ng sariling tirahan. Ito ay karapatan na protektado ng pamahalaang pederal at pamahalaang estado. Dahil sa mga batas sa ilalim ng Fair Housing, hindi ka dapat makakaranas ng ilegal na diskriminasyon kung naisin mong kumuha (bumili o umupa) ng sarili mong tirahan.

## **Labag sa batas ng pamahalaang pederal (federal law) ang diskriminasyon batay sa:**

- Lahi
- Kulay
- Relihiyon
- Kapansanan o pagiging baldado
- Sekso o kasarian
- Pinaggalingang bansa
- Katayuan o komposisyon ng pamilya (pamilyang mayroong anak o mga anak na wala pang 18 taong gulang)

## **May dagdag ka ring proteksyon sa batas ng pamahalaang estado (state law) sa mga diskriminasyon batay sa:**

- Katayuang marital (may asawa, walang asawa, atbp.)
- Edad
- Pinagkukunan o pinanggagalingan ng kita
- Sekswal na oryentasyon (sexual orientation)
- Medikal na kondisyon
- At iba pang mga kakaibang katayuan

Ilegal na diskriminasyon ang pagtanggap bigyan ng oportunidad ang isang tao na umupa o bumili ng tirahan, bumili ng segurong pambahay (homeowners insurance) o kumuha ng pautang pambahay kung ang kanyang katayuan ay protektado ng batas.

Kung sa iyong palagay ikaw ay nakaranas ng diskriminasyon o panliligalig (harassment), maaari kang maghain ng reklamo. Sundin ang mga sumusunod na hakbang. Siguraduhing ihain ang reklamo bago makalipas ang isang taon kung kailan nangyari ang insidente:

### **IPA-IRAL ANG MAKATARUNGANG PABAHAY**

1. Tumawag sa 1-800-462-0503
2. Kausapin ang tagapayo o housing counselor at ibigay ang makakatutuhanang impormasyon at mga detalye ng insidente
3. Kung may batayan ang iyong reklamo, ito ay isasangguni sa isang serbisyo legal para ito ay mabigyan ng imbestigasyon na walang kinikilingan
4. Kung tinanggap ang iyong reklamo, susubukan munang matulungan ang magkabilang panig para malutas ang reklamo
5. Kung hindi naresolba ang reklamo, at may ebidensya ng paglabag ng batas, ang reklamo ay maaaring dalhin sa korte

## **KARANIWANG PAGLABAG SA BATAS NG PABAHAY BATAS**

Ang mga sumusunod ay mga halimbawa ng karaniwang paglabag ng batas batay sa mga protektadong katayuan (protected status):

- Pagtatanggap magpa-upa o magbenta ng bahay
- Sekswal na pambabastos o panliligalig (sexual harassment) katulad ng paghinggi ng sekswal na pabor kapalit ng iyong karapatan at pribilehiyo ukol sa pabahay
- Mga patakarán, gawain, tuntunin, kundisyon na nagreresulta ng hindi pantay na pagkakataong makakuha ng pabahay o makakuha ng mga serbisyong nauukol sa pabahay
- Pagtutol sa pagpayag na gumawa ng risonableng pagbabago sa sariling tirahan o panlahatang lugar (common use area) na kailangan ng may kapansanan, kung sasagutin ng umuupa ang gastos
- Pagtutol na gumawa ng risonableng pagbabago (reasonable accommodations) sa mga batas, patakarán, gawain or serbisyo na kailangan ng may kapansanan
- Pagtutol magpautang ukol sa pabahay o magbigay ng pambahay na seguro (homeowner's insurance)

